

Pampublikong Pagpupulong sa Iminungkahing Affiliation sa USC Health System  
Methodist Hospital ng Southern California

## **PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG SA IMINUMUNGKAHING PAGBABAGO SA KONTROL AT PAMAMAHALA NG METHODIST HOSPITAL NG SOUTHERN CALIFORNIA**

Ang California Attorney General ay nagsusuri ng isang transaksyon na ukol sa iminungkahing kaugnayan ng Methodist Hospital of Southern California (MHSC), isang 348 na lisensyadong kama, pangkalahatang acute care na ospital sa Arcadia, California, at ng University of Southern California (USC) Health System. Sa ilalim ng affiliation, ang MHSC ay magiging bahagi ng pinagsama-samang sistema ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan ng USC Health System. Ang iminungkahing nonprofit na transaksyon sa ospital ay sinusuri sa ilalim ng Corporations Code sections 5920 *et seq.* Ang mga tuntunin ng iminungkahing transaksyon ay kasama sa nakasulat na paunawa sa Attorney General na makukuha sa website ng MHSC sa <https://www.methodisthospital.org/documents/Notice-to-the-Attorney-General-by-MHSC-dated-11.18.2021.pdf>.

Ang Attorney General ay magsasagawa ng pampublikong pagpupulong sa Mayo 3, 2022, simula sa 10:00 a.m., sa 300 W. Huntington Drive, Arcadia, California, 91007. Ang layunin ng pampublikong pagpupulong ay upang makatanggap ng mga komento sa iminungkahing transaksyon at upang isaalang-alang ang Pahayag ng Epekto sa Pangangalaga sa Pangkalusugan (Health Care Impact Statement) na inihanda ng mga konsultant na tinutugunan ng Attorney General. Bago ang pampublikong pagpupulong, ang Health Care Impact Statement ay makukuha sa website ng Attorney General sa <http://www.oag.ca.gov/charities/nonprofitosp>.

Ang mga tao ay maaari at hinihikayat na ipakita ang kanilang mga pananaw sa iminungkahing transaksyon sa pampublikong pagpupulong o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kay Heidi Lehrman, Deputy Attorney General, sa pamamagitan ng telepono sa 916-210-7835, sa pamamagitan ng email sa [Heidi.Lehrman@doj.ca.gov](mailto:Heidi.Lehrman@doj.ca.gov), sa pamamagitan ng facsimile sa 916-324-5397, o sa pamamagitan ng koreo sa 1300 I Street, Sacramento, California, 95814. Ang deadline para sa mga nakasulat na komento ay Mayo 4, 2022.